Mensahe Tatlo

## Pagiging Nabuuan ng Katotohanan at Pagiging Lubusan para sa Daan ng Katotohanan at ang Pagpapalaganap ng Katotohanan para sa Pagpapasukdol ng Dibinong Ekonomiya

Babasahin sa Kasulatanh: Juan 8:12, 32; 1 Juan 1:5-8; 3 Juan 3-4, 8; 1 Tim. 2:4; 4:3

**I. Ang intension ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang ipamahagi si Kristo kasama ang Kanyang mga kayamanan tungo sa kanyang mga piniling mananampalataya na pinili ng Diyos para sa pagbubuo ng Katawan ni Kristo, ang ekklesia, upang ihayag ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos—Efe. 3:8-10.**

**II. Para sa pagpapasukdol ng dibinong ekonomiya, kailangan nating mabuuan ang katotohanan—1 Juan 2:4; 2 Juan 1-2:**

A. Upang mabuuan ng kkatotohanan ay ang magkaroon ng intrinsikong elemento ng dininong pahayag na naisagawa tungo sa atin upang maging ating kabuuan, ang ating intrinsikong katauhan, ang ating organikong pagkakabuo—1 Juan 1:8; 4:6; 5:6.

B. Ang solidong katotohanan na naibuo sa atin na nagiging sa loob natin ay isang palagian at pangmatagalan pagpapakain—1 Tim. 4:6.

C. Kung antg katotohanan ay naisagawa tungo sa atin at naibuo sa ating katauhan, maaari nating maprotektahan ang interes ng mga kayamanan ng pagkadibino ng Diyos at ang mga pagtatamo ng Kanyang pagpapasukdol—Apoc. 21:12a, 17.

D. Bawat naligtas na tao ay dapat magkaroon ng isang lubos na kaalaman, isang kumpletong pagkatanto, ng katotohanan—lahat ng mga tunay na bagay sa Salita ng Diyos—1 Tim. 2:4; 4:3; 2 Tim. 2:25; 3:7.

E. Ang lubos na kaalaman ng kataotohanan ay isang masusing pagkaunawa ng katotohanan, isang lubos na pagkilala sa lahat ng espirituwal at dibinong bagay na ating tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya—Tito 1:1; 2 Tes. 2:13.

F. Ang salita ng Panginoon, ang Kanyang katotohanan, ay nasa Bibliya, subalit ang Bibliya ay nangangailangan ng wastong interpretasyion; dahil dito ay mayroon tayong mga Pag-aaral Pambuhay—2 Tim. 2:15.

G. Dapat tayong magbayad ng halaga upang matutuhan ang mga katotohanan—Kaw. 23:23:

1. Kailangan nating pumasok sa intrinsikong kahulugan ng Banal na Kasulatan upang malaman kung ano ang sinasabi ng Panginoon at kung ano ang ninanais Niya—Juan 8:12.
2. Wala tayong karapatan na mag-imbento ng anuman; sa halip, natutuklasan natin kung ano ang nasa Bibliya.
3. Pagkatapos nating matutuhan ang katotohanan, dapat pa rin nating maranasan si Kristo upang Siya ay maging ating realidad; sa ganitong paraan, kapag tayo ay nagsasalita sa mga tao, hindi natin sila binibigyan ng kaalaman o doktrina, subalit tayo ay maghahain sa kanila ng Kristo—Efe. 3:16-17; 4:15, 21.

H. Kailangan nating maligtas sa pag-skate sa ibabaw ng dibinong katotoahanan at makipagkoopera sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapagal kasama Niya upang sumisid sa mga kalaliman ng katotohanan ng Kanyang kagila-gilalas ng Bagaong Tipang ekonomiya—3:9.

I. Yaong mga nabuuan ng katotohanan ay siang malaking pagpapala sa ekklesia—Rom. 9:1; 15:29.

**III. Para sa pagpapasukdol ng dibinong ekonomiya, kailangan nating maging lubusan para sa daan ng dibinong katotohanan—2 Ped. 2:2:**

A. Ang daan ng katotohanan ay ang landas ng Kristiyanong buhay ayon sa katotohanan, na siyang ang realidad ng nilalaman ng Bagong Tipan—b. 2.
B. Ang daan ng katotohanan ay ang tuwid na daan; ang tahakin ang tuwid na daan ay ang mamuhay ng isang matuwid na buhay nang walang kabuktutan at pagkiling—b. 15.
C. Ang daan ng katotohanan ay ang daan ng katuwiran; ang tahakin ang daan ng katuwiran ang ang mamuhay ng isang buhay na tama kapwa sa Diyos at tao, isang buhay na, ayon sa katuwiran, ay matatanggap natin ang pampamahalaang paghahatol para sa Kanyang kaharian ng katuwiran—bb. 21, 9; Mat. 5:20; Rom. 14:17.
D. Ang daan ng katotohanan ay "ang Daan," nagpapahiwatig sa ganap na pagliligtas ng Panginoon sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos—Gawa 9:2:
   1. Ito ang daan na ipinamamamahagi ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagtutubos ni Kristo at pagpapahid ng Espiritu—Efe. 1:7; 1 Juan 2:27.
   2. Ito ang daan na ang mga mananampalataya ay nakikibahagi sa Diyos at nagtatamasa sa Diyos—2 Ped. 1:4.
   3. Ito ang daan na ang mga mananampalataya ay sumasamba sa Diyos sa kanilang espiritu sa pamamagitan ng pagtatamasa sa Kanya at pagsunod sa pinag-usig na Hesus sa pamamagitan ng pagiging kaisa sa Kanya—Juan 4:24; Heb. 13:12-13.
   4. Ito ang daan na ang mga mananampalataya ay dinadala sa ekklesia at itinatayo sa Katawan ni Kristo upang pasanin ang patotoo ni Hesus—1 Cor. 1:2; 12:27; Apoc. 1:2.
E. Ang tahakin ang daan ng katotohanan ay ang dalisayin ang ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagtalima sa katotohanan; ito ang nagpapabanal na katotohanan, na siyang ang salita ng realidad ng Diyos—1 Ped. 1:22; Juan 17:17:
   1. Ang pagpapadalisay ng ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagtalima sa katotohanan ang nagsasanhi sa ating buong katauhan upang maituon sa Diyos upang ibigin natin Siya ng ating buong puso, na ating buong kaluluwa, at ng ating buong pag-iisip—Marcos 12:30.
   2. Ang gayong pagdadalisay ng ating mga kaluluwa ay nagreresulta sa kapatirang pag-ibig na walang pagkukunwari, yaon ay, sa ating pag-ibig mula sa marubdob na puso sa yaong mga iniibig ng Diyos—1 Juan 5:1.

**IV. Para sa pagpapadukdol ng dibinong ekonomiya, kailangan nating maging lubusan para sa pagpapalaganap ng dibinong katotohanan—Mat. 24:14; 28:19:**

A. Ang ebanghelyo ay nagpapaloob ng mga katotohanan sa Bibliya; ang buong Bibliya ay ang ebanghelyo ng Diyos—Efe. 1:13; Col. 1:5:
   1. Ang bukod tanging komisyon ng ekklesia ngayon ay ang ipahayag ang ebanghelyo, na ang nilalaman ay ang katotohanan—Mat. 24:14; Efe. 1:13; Col. 1:5.
   2. Ang ating pagpapahayag ng katotohanan ay ang pagpapahayag ng mataas na ebanghelyo—Marcos 16:15; 1 Tim. 2:4.
   3. Ang pinakamataas na punto ng ebanghelyo ng Diyos ay yaong Diyos ay naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa Pagkadiyos—Rom. 1:3-4; 8:3, 29.
B. Ibinigay na ng Panginoon sa atin ang Kanyang mahalagang katotohanan upang ating ikalat ang katotohanan hindi lamang sa mga mananamplataya bagkus sa mga di-mananampalataya din; bawat tao sa lupa ay kailangang marinig ang katotohanan—Juan 18:37b.

C. Inatasan tayo ng Panginoon upang humayo at gawing disipulo ang mga bansa upang ang kasalukuyang kapanahunan ay mapasukdol—Mat. 28:19-20.

D. Kailangan nating makiisa sa Panginoon sa pagkatuto sa katotohanan, inaaplay ang katotohanan, sinasalita ang katotohanan, at pinapalaganap ang katotohanan—Zac. 8:16.

E. Kung ipapalaganap natin ang pagbabawi ng Panginoon ngayon, dapat nating malaman ang bawat panig ng katotohanan at maipaliwanag ang katotohanan—2 Cor. 4:2; 3 Juan 3-4, 8.

F. Ang pagkalat ng mga dibinong katotohanan ay magdadala ng pagpapanauli ng Panginoon; ayon sa Isaias 11:9, ang pagpapanauli ay darating sapagkat "ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ni Jehovah, / Gaya ng tubig na tumatakip sa karagatan."

*© 2021 Living Stream Ministry*